Tunay na ang kauna-unahang pangkat na papasok sa Paraiso ay nasa anyo ng buwan sa gabi ng kabilugan, pagkatapos ang mga susunod sa kanila ay nasa pinakamatinding talang malaperlas sa langit sa pagliliwanag

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang kauna-unahang pangkat na papasok sa Paraiso ay nasa anyo ng buwan sa gabi ng kabilugan, pagkatapos ang mga susunod sa kanila ay nasa pinakamatinding talang malaperlas sa langit sa pagliliwanag. Hindi sila iihi, hindi sila dudumi, hindi sila dudura, at hindi sila sisinga. Ang mga suklay nila ay ang ginto. Ang pawis nila ay ang musk. Ang mga insensaryo nila ay ang lapnisang anjūj, ang sandalo ng pabango. Ang mga asawa nila ay ang mga dilag na may maniningning na mata. Sa pagkalikha sa iisang lalaki sila, sa larawan ng ama nilang si Adan, sa animnapung siko sa langit (ang tangkad)."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kauna-unahang grupo ng mga mananampalataya na papasok sa Paraiso ay may mga mukha sila na nasa anyo ng buwan sa gabi ng kabilugan sa pagliliwanag, pagkatapos ang mga susunod sa kanila ay nasa pinakamatinding talang malaperlas sa langit sa pagliliwanag. Taglay nila ang mga paglalarawan ng kalubusan yayamang hindi sila iihi, hindi sila dudumi, hindi sila dudura, at hindi sila sisinga. Ang mga suklay nila ay ginto. Ang pawis nila ay musk. Ang mga insensaryo nila ay naghahalimuyak ng pinakamabangong pabango at pinakadalisay na insenso. Ang mga asawa nila ay ang mga dilag na may maniningning na mata. Ang pagkalikha sa kanila ay ayon sa pagkakalikha sa iisang lalaki sa larawan ng ama nilang si Adan sa tangkad at pagmumukha, na ang tangkad ng katawan niya ay animnapung siko sa langit.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65183